

## **BUOD NG TULONG PINANSIYAL**

*Bilang bahagi ng aming misyon at pangako sa komunidad, ang mga ospital at klinika ng Hawai'i Pacific Health ay nagkakaloob ng tulong pinansiyal sa mga pasyenteng tumatanggap ng pang-emerhensiyang pangangalaga at/o pangangalagang kinakailangan sa pagpapagamot na kwalipikado para sa tulong alinsunod sa aming Patakaran sa Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Policy, FAP).*

Ang pang-emerhensiyang pangangalaga at/o pangangalagang kinakailangan sa pagpapagamot ay maaaring makuha mula sa: Kapi'olani Medical Center for Women & Children, Kaua'i Medical Clinic, Pali Momi Medical Center, Straub Medical Center, at Wilcox Medical Center.

### **MGA HINIHINGI PARA MAGING KARAPAT-DAPAT:**

Lahat ng residente ng Hawai'i, kabilang yaong may insurance, ay karapat-dapat mag-apply para sa tulong pinansiyal. Ang mga hindi residente na tumatanggap ng pang-emerhensiyang pangangalaga ay karapat-dapat mag-apply para sa tulong pinansiyal.

Ginagamit ang mga kasalukuyang alituntunin upang ipasya kung magkano ang halaga, kung mayroon man, na magiging kwalipikado para sa tulong pinansiyal.

#### **Kahulugan:**

**Kapus sa Pera (Financially Indigent):** Ang mga pasyenteng ang kita ng kanilang pamilya ay katumbas ng o mas mababa sa 200 porsiyento ng Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG) ay makakatanggap ng 100 porsiyentong diskuwento (libreng pangangalaga). Ang mga pasyenteng ang kita ng kanilang pamilya ay magmula mahigit sa 200 porsiyento hanggang sa 400 porsiyento ng FPG ay makakatanggap ng 85 porsiyentong diskuwento sa kanilang kasalukuyang balanse.

**Walang Insurance at Hindi Kwalipikado sa Coverage (Medically Indigent):** Ang mga pasyenteng ang kita ng kanilang pamilya ay mas mataas kaysa 400 porsiyento ng FPG na may dapat bayarang balanse na 15 porsiyento o higit pa ng kanilang pinagsamang kita ng pamilya at mga ari-ariang madaling ipagpalit sa pera (liquid assets) ay maaaring kwalipikado para sa 85 porsiyentong diskuwento sa kanilang kasalukuyang balanse.

Kapag hindi natutugunan ng sitwasyon ng pasyente ang mga hinihingi sa ilalim ng mga kasalukuyang alituntunin sa diskuwento, maaari pa ring makakuha ang isang pasyente ng tulong pinansiyal. Sa mga sitwasyong ito, rerepasuhin ng mga kinatawan ng Hawai'i Pacific Health ang lahat ng available na impormasyon at ipapasya nila kung karapat-dapat ang pasyente sa tulong pinansiyal.

### **Paano mag-apply para sa tulong pinansiyal:**

Makukuha ang mga libreng kopya ng FAP at aplikasyon para sa FAP sa pamamagitan ng alinman sa mga paraang ito:

**Personal:** Ang Opisina ng Financial Services sa bawat ospital ay may mga tagapayong pampinansiya na handang tumulong sa proseso ng aplikasyon.

**Sa telepono:** Tumawag sa 522-4013 sa O'ahu, o 866-266-3935 mula sa mga karatig isla Lunes-Biyernes, 8 a.m.-4:30 p.m.

**Online:** [hawaiipacifichealth.org/FAPProgram](http://hawaiipacifichealth.org/FAPProgram)

**Sa pamamagitan ng email:**  
[billing@hawaiipacifichealth.org](mailto:billing@hawaiipacifichealth.org)

Ang Tulong Pinansiyal ng Hawai'i Pacific Health ay nauukol lamang sa mga serbisyong sinisingil ng aming mga ospital at/o doktor na nagtatrabaho sa amin. Ang mga serbisyong sinisingil ng mga tagapagbigay ng serbisyong hindi kasama sa HPH ay hindi kwalipikado sa aming FAP.

Kasama sa FAP ang isang apendiks na may listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo na ito. Ang FAP, ang aplikasyon para sa FAP, at ang buod na dokumentong ito ay makukuha sa Ingles, Japanese, Ilocano, at mga iba pang lengguwahe, kapag hiningi.

**MGA SINISINGIL PARA SA PANG-EMERHENSİYANG PANGANGALAGA O PANGANGALAGANG KINAKAILANGAN SA PAGPAPAGAMOT:** Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansiyal ay hindi sisingilin ng mga halaga para sa pang-emerhensiyang pangangalaga o iba pang pangangalaga na kinakailangan sa pagpapagamot na mas mataas kaysa sa mga halagang sinisingil sa kalahatan (amounts generally billed, AGB) sa mga pasyenteng may insurance.